# Modyul Blg. 17
# Pamagat: Pagsasaling-wika



## Tungkol saan ang modyul na ito?

Maraming kaalaman ang dapat taglayin ng bawat mag-aaral na tulad mo at isa na rito ang malawak na kaalaman sa pagsasaling-wika. Nasubukan mo na bang makipag-usap sa isang banyaga? Naging madali ba para sa iyo na ipahayag ang nais mong sabihin?

Kaakibat ng pag-unlad ng bansa ang pakikipag-ugnayan natin sa mga banyaga at dahil ang ingles ay tinatawag na unibersal na lenggwahe, marapat lamang na may taglay tayong kaalaman ukol dito.

Sa modyul na ito, na inihanda ko ay matututunan mo ang mga batayang kaalaman sa pagsasaling-wika.

Sa mga araling inihanda ko, mababatid mo ang mga pangunahing batayang simulain sa pagsasalin. Kung ano nga ba ang pagsasaling-wika at ang mga dapat tandaan ng isang tagapagsaling-wika.


Mapatutunayan mo rin na kayang-kaya mo ang magsalin kung pakatatandaan mo ang mahahalagang impormasyon at detalyeng inilahad ko sa modyul na ito.




## Ano ang matututunan mo?

Ang layuning panlahat ng modyul na ito ay:

Makapagsagawa ng pagsasalin sa tulong ng mga tiyak na pamantayan



## Paano mo gagamitin ang modyul na ito?

Ang modyul na ito ay magsisilbing gabay mo sa pansariling pagkatuto at pag-unlad. Gamitin mo ito bilang patnubay sa tulong ng mga tuntunin. Upang maging makabuluhan at wasto sa iyo ang paggamit, kailangang maging malinaw sa iyo ang mga nararapat gawin at sundin. Huwag kang mag-alala, madali lamang ang paggamit nito basta't susundin mo ang mga sumusunod na tuntunin.

1. Sagutin mo ang panimulang pagsubok o ang bahaging Ano Na Ba Ang Alam Mo. Gabay ito upang masukat ang lawak ng iyong kaalaman sa paksa.
2. Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo ito sa iyong guro. Kung nagkaroon ka man ng maraming mali, huwag mag-alala. Tutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko.
3. Pag-aralan mong mabuti ang paksang-aralin. Isagawa mo ang mga kaugnay na gawaing inihanda ko. Unawain mong mabuti ang bawat panuto. Mahalaga ito upang masagot mo nang wasto ang bawat gawain.
4. Matapos mong maisagawa ang pagsasanay, tingnan mo kung naragdagan na ang iyong kaalaman. Sagutin mo ang Pangwakas na Pagsusulit o ang bahaging Gaano Ka Na Kahusay? Pagkatapos ay iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro. Maging matapat ka sa pagwawasto ng iyong sagot.
5. Gamitin mo nang wasto ang modyul na ito. Kaibigan mo ito.
6. Sagutan nang mabuti. Huwag mong susulatan ng anuman. Gumamit ka ng hiwalay na papel o kaya naman ay notbuk sa pagsagot.
7. Malaki ang maitutulong ng modyul na ito sa iyong pag-unlad kaya marapat lamang na ito ay iyong pahalagahan.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Huwag kang matakot sa pagsusulit na ito. Layon lamang nitong masukat ang dati mo nang kaalaman tungkol sa paksa.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

A. Panuto: Hanapin sa ibaba ang salin sa ingles ng mga sumusunod na salita. Titik lamang ng wastong sagot ang isulat.

| | |
|---|---|
| 1. maganda | 6. bahay |
| 2. bulaklak | 7. silangan |
| 3. masaya | 8. silid |
| 4. kulay | 9. tahimik |
| 5. malungkot | 10. hugis |

| | | |
|---|---|---|
| a. color | e. house | i. quiet |
| b. beautiful | f. east | j. happy |
| c. sad | g. room | k. south |
| d. flower | h. shape | l. handsome |

B. Panuto: Pagtapat-tapatin ang wikang Ingles sa salin nito sa Filipino. Titik lamang ng pinakawastong sagot ang isulat.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| 11. Good morning! | a. Ikinalulugod kong makita ka! |
| 12. Thank you very much. | b. Magandang umaga |
| 13. How are you? | c. Hanggang sa muling pagkikita |
| 14. What is your name? | d. Maraming salamat |
| 15. What can I do for you? | e. Aalis na ako. |
| 16. Till we meet again. | f. Kumusta ka na? |
| 17. I am pleased to see you. | g. Anong maipaglilingkod ko sa iyo? |
| 18. I hope you remember me. | h. Maganda ka. |
| 19. I'll be going now. | i. Sana ay maalala mo ako. |
| 20. You are beautiful. | j. Ano ang pangalan mo? |

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

- Naging madali ba para sa iyo ang pagsusulit? Kung gayon, natatandaan mo pa ang mga araling napag-aralan mo noon. Binabati kita dahil diyan. Tutulungan na lamang kitang paunlarin at pagyamanin ang iyong kaalaman tungkol sa paksang ito. Kung nahirapan ka naman, matutulungan ka ng mga gawaing inihanda ko. Unawain mo lamang mabuti ang mga paliwanag upang makakuha ka ng mataas na marka.

# Aralin 1. Pagbatid sa mga Pangunahing Batayang Simulain sa Pagsasalin

## A. Anu-ano Ang Mga Tiyak Na Matututunan Mo?

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo mo ang mga sumusunod na kasanayan:

1. Nababatid ang pangunahing batayang simulain sa pagsasalin
2. Natutukoy ang mga katangiang dapat taglayin ng tagapagsaling-wika
3. Nabibigyang-puna ang mga pilosopiyang kaugnay ng pagsasalin

## B. Anu-ano Na Ang Mga Tiyak Na Alam Mo?

Ang pagsasaling-wika ay ang paglilipat ng pinakamalapit na katumbas ng diwa o mensaheng isinasaad ng tekstong isinasalin.

Sa pagsasalin, lalo na ng Ingles sa Filipino ay dapat pumili ng mga salita at pariralang simple at abot ng pang-unawa ng mga babasa.


Alam mo ba kung anu-anong mga salitang Ingles ang katumbas ng ilang salitang Filipino? Sagutin mo ang pagsubok na inihanda ko upang malaman kung gaano na kalawak ang iyong kaalaman sa paksang ito.


Handa ka na ba?

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✔ ) kung ang mga salitang Ingles ay angkop na katumbas/salin ng salitang Filipino at ekis ( **x** ) kung hindi.

_____ 1. **tagumpay**
( victory, success, triumph )
_____ 2. **talino**
( wisdom, knowledge, ignorance )
_____ 3. **halaga**
( cost, price, worth )
_____ 4. **kaibigan**
( friend, companion, enemy )
_____ 5. **kayamanan**
( wealth, abundance, poverty )

Panuto: Lagyan ng asteris ( * ) kung ang salitang nasa loob ng bilog ay angkop na salin ng salitang nasa gitnang kahon at krus ( + ) naman kung hindi.






Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## Mga gawain sa pagkatuto

**1. Alamin mo…**

Isang kilalang teorista at praktisyuner na nagngangalang Wilamowitz ang nagsabi na ang pagsasaling-wika ay tulad ng paglilipat ng kaluluwa ng isang nilalang sa katawan ng isang patay. Ang ganitong pahayag niya ay maituturing na eksaheradong paraan ng pagsasabi na hindi biru-birong gawain ang pagsasaling-wika. Katunayan, nagkakaisa ang mga awtoridad sa larangang ito na walang perpektong salin.

Kung may sampung tagapagsalin at bibigyan sila ng isang piyesa ng literatura upang isalin, halimbawa ay isang tula, mapatutunayang ang resulta ay sampu ring iba't ibang estilo ng salin – nagkakaiba-iba sa mga salitang ginamit, sa paraan ng pagsasabi ng isang kaisipan, sa balangkas ng mga taludtod at pangungusap at iba pa.

Sagutin mo ang gawaing inihanda ko upang malaman kung gaano ka kagaling sa paksang ito.

Panuto: Punan ang bawat patlang ng tamang salita upang mabuo ang pangungusap. Piliin ang titik ng tamang salita sa ibaba.

1. Si Milamowitz ay isang kilalang ___________ at praktisyuner.
2. Ayon sa kanya, ang _____________ ay tulad ng paglilipat ng kaluluwa ng isang nilalang sa katawan ng patay.
3. Ang pagsasaling-wika ay hindi __________ gawain.
4. Nagkakaisa ang mga awtoridad sa larangang ito na walang ___________ salin.

5. Kung may sampung tagapagsalin at bibigyan ng isang piyesa ay mapatutunayang ang resulta ay sampu ring iba't ibang _________ ng salin.

| | |
|---|---|
| a. pagsasaling-wika | d. perpekto |
| b. biru-biro | e. seryoso |
| c. teorista | f. estilo |

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

- Makatutulong ang mga gawaing inihanda ko upang lalong malinang ang iyong pag-unawa sa paksang pag-aaralan.

Handa ka na bang magsimula?

**Gawain 1: Mga Katangiang Dapat Taglayin ng Isang Tagapagsaling-wika**

Wala pang isinagawang pagtalakay sa mga simulain at prinsipyo sa pagsasaling-wika ang hindi bumanggit tungkol sa tagapagsaling-wika.

Alam mo ba kung ano ang mga katangiang dapat taglayin ng isang tagapagsaling-wika? Basahin mo muna ang inilahad kong paliwanag upang lalong maging malinaw ito sa iyo.

Narito ang mga katangiang dapat taglayin ng isang tagapagsaling-wika.

A. Sapat na kaalaman sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin:

Kailangang maging malawak at sapat ang kaalaman ng tagapagsalin sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasaling-wika. Hangga't maaari, ang wikang pagsasalinan ay dapat na siyang unang wika ng tagapagsalin. Dapat nating tandaan na sa kahit anong bagay, ang kakarampot na kaalaman ay magiging mapanganib.

B. Sapat na kaalaman sa paksang isasalin:

Nagiging mahusay at maayos ang pagsasalin kung ang tagapagsalin ay may malawak na kaalaman sa paksang tinatalakay. Kailangang interesado rito ang tagasalin.Makatutulong din nang malaki kung makikipag-ugnayan ang tagapagsalin sa awtor.

C. Sapat na kaalaman sa kultura ng dalawang bansang kaugnay sa pagsasalin:

Bawat wika ay nakaugnay sa kultura ng mga taong likas na gumagamit nito. Ang Filipino ay wikang gamit natin sa pagpapahayag ng ating kultura at saloobin; Ang Ingles naman ay wikang gamit ng mga Amerikano sa pagpapahayag ng kanilang kultura at saloobin. Ang dalawang bansang ito ay lubhang malaki ang pagkakaiba sa kani-kanilang kultura.

Mahihinuhang ang lahat ng wika ay may sariling bisa at kakayahan bilang kasangkapan sa pagpapahayag ng sariling kulturang kinabibilangan nito. Kaya't marapat lamang na, upang maging makabuluhan at mabisa ang pagsasalin ay magkaroon ng malawak at sapat na kaalaman ang tagapagsalin sa kultura ng dalawang bansang kasangkot sa pagsasaling-wika.

- Matapos mong basahin ang paliwanag ay tiyak kong masasagot mo na ang inihanda kong gawain para sa iyo.

Handa ka na ba?

A. Panuto: Isulat ang **T** kung tama ang ipinahihiwatig ng pahayag at **M** naman kung mali. Isulat ang sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

______1. Ang tagapagsaling-wika ay kailangang may sapat na kaalaman sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin.
______ 2. Basta't may alam sa paksa ay maaari nang magsaling-wika.
______ 3. Hangga't maaari, ang wikang pagsasalinan ay siyang unang wika ng tagapag-salin.
______ 4. Kailangang sapat ang kaalaman ng tagapagsalin sa kultura ng dalawang bansang kaugnay sa pagsasalin.
______ 5. Kahit sino ay maaaring maging tagapagsaling-wika.

B. Panuto: Ayusin ang mga letra ng salitang dapat ipuno sa patlang upang mabuo ang kaisipan nito.

1. Ang ____________________________ ay kailangang interesado sa paksang isasalin.

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| N | G | A | S | S | L | A | I | A | G | N | - | I | W | A | K |

2. Kailangang sapat ang _______________sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | K | L | M | A | N | A | A |

3. Makatutulong din nang malaki kung makikipag-ugnayan sa __________ ang tagapag-salin.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| O | A | T | W | R |


4. Ang wikang pagsasalinan ay dapat na siyang unang _________ng tagapagsalin.

| | | | |
|---|---|---|---|
| I | W | A | K |

5. Kailangang sapat ang kaalaman sa ______________ ng dalawang bansang kaugnay sa pagsasalin.

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| A | T | U | K | U | L | R |

C. Panuto: Iguhit ang masayang mukha (  ) kung ang mga katangiang nabanggit sa bawat bilang ay dapat taglayin ng isang tagapagsalin at malungkot na mukha (  ) naman kung hindi.



___1. Interesado sa paksa

___2. Malawak ang kaalaman sa kultura ng dalawang wikang kasangkot.

___3. Nakikipag-ugnayan sa awtor.

___4. Sapat na kaalaman sa paksa.

___5. bihasa sa dawalang wikang kasangkot

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**Gawain 2: Mga Nagsasalungatang Paraan sa Pagsasaling-wika**

Napakaraming iba't ibang simulain sa pagsasaling-wika na kalimitan ay nagsasalungatan. Mahalagang mabatid natin ang mga ito upang maging mabisa ang

ating pagsasalin. Upang higit na maging malinaw sa iyo ay basahin at pag-aralan mo muna ang mga paliwanag na aking ilalahad.

A. Salita laban sa Diwa;

May ibang pangkat ng tagapagsalin ang naniniwalang hindi dapat sa pagtutumbas ng mga salita ng isinasaling teksto nakabuhos ang atensyon ng tagapagsalin kundi sa ideya o mensahe ng kaniyang isinasalin.

Hindi maitatatwa na may mga salita sa wikang isinasalin na hindi natutumbasan ng isa ring singkahulugang salita sa wikang pinagsasalinan. May mga pagkakataon na ang isang kaisipan o ideya sa isang wika ay hindi maipahayag nang maayos sa ibang wika dahil sa magkalayong kultura ng mga taong gumagamit sa dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin. Isa pa , ang literal na salin ay hindi nagiging mabisa, lalo na kung ang kasangkot na dalawang wika ay hindi magkaangkan.

- Naunawaan mo na ang inilahad kong kaalaman. Masasagot mo na siguro ang inihanda kong gawain para sa iyo.

Handa ka na ba?

Panuto: Piliin ang higit na tiyak na kahulugan ng pangungusap na Ingles sa salin sa Filipino. Titik lamang ang isulat.

1. Sing **softly**.
   a. Umawit nang malambot    c. Umawit nang mahina
   b. Kumanta nang malambot    d. Wala sa nabanggit

2. Sleep **soundly**.
   a. Matulog nang mahimbing    c. Matulog nang maingay
   b. Matulog nang matunog    d. Lahat ng nabanggit

3. Take a **bath**.
   a. Kumuha ng paliguan    c. Maligo
   b. Kuhain ang banyo    d. Wala sa nabanggit

4. Sleep **tight**.
   a. Matulog nang mabuti    c. Matulog nang mahigpit
   b. Matulog sa masikip    d. Wala sa nabanggit

5. **Fall** in line.

a. Mahulog ka sa linya
b. Hulog sa linya
c. Pumila nang maayos
d. Lahat ng nabanggit

Iwasto ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto. Hingin ito sa iyong guro.

B. "Himig-orihinal" laban sa "Himig-salin":

Kapag literal ang salin, humigit-kumulang, ito'y himig-salin na rin. At kapag naman idyomatiko ang salin, humigit-kumulang, ito'y himig-orihinal. Nagiging himig-salin ang isang salin sapagkat karamihan ng mga salita ay halatang-halatang katumbas ng mga nasa orihinal na teksto; gayundin, sapagkat literal ang salin, may mga balangkas ng mga parirala at pangungusap sa orihinal na makikitang nalipat sa wikang pinagsalinan.

Kapag naman idyomatiko ang salin, nagiging himig-orihinal na rin ito sapagkat hindi na halos napapansin ng mambabasa na ang kanyang binabasa ay una palang isinulat sa ibang wika.

Higit na nakararami marahil ang mga tagapagsalin na naniniwala na ang isang salin ay dapat magng natural at himig-orihinal.

- Matapos mong basahin ang inilahad kong paliwanag, gawin mo ang inihanda kong gawain para sa iyo upang matiyak kung ito'y iyong naunawaan.

Handa ka na ba?

Panuto: Pagtapat-tapatin ang mga sumusunod na salin sa tunay na kahulugan nito. Titik lamang ng pinakawastong sagot ang isulat.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. matigas ang ulo | a. hard to please |
| 2. kabiyak ng dibdib | b. dream |
| 3. di-mahulugang karayom | c. twilight |
| 4. sariling pugad | d. liar |
| 5. saling pusa | e. wife/husband |
| 6. bungang-tulog | f. thick crowd |
| 7. takipsilim | g. stubborn |
| 8. sanga-sangang dila | h. house/home |
| 9. mahaba ang buntot | i. temporary included |

10. makuskos-balungos j. spoiled

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

C. Estilo ng Awtor laban sa Estilo ng Tagapagsalin:

Bawat awtor, lalo na sa mga malikhaing panitikan, ay may sariling estilo. Bagamat may mga manunulat na sa biglang tingin ay waring magkatulad sa estilo, sa katotohanan ay may pagkakaiba ang mga ito kahit paano. Maaaring nagkakaiba sa uri ng mga pangungusap na ginamit. May mga awtor na mahilig sa mabulaklak at kilometrong mga pahayag na dahil sa kahabaan ay madalas na nalilito ang mga mambabasa sa pinagsama-samang iba't ibang kaisipan sa pangungusap. May mga awtor naman na ang kabaligtaran nito ang hilig: maikli at payak na pangungusap ang ginagamit.

- Subukin natin kung naunawaan mo ang inilahad kong paliwanag sa pamamagitan ng inihanda kong gawain para sa iyo.

Handa ka na ba?

Panuto: Lagyan ng tsek ( √ ) ang mas mainam na salin ng pangungusap na may salungguhit at ekis ( x ) naman ang hindi.

1. **Carry on the shoulder.**
   _______ Dalahin sa balikat
   _______ Pasanin.

2. **Tell the children to return to their seats.**
   _______ Sabihin sa mga bata na magbalik na sila sa kani-kanilang upuan.
   _______ Pabalikin ang mga bata sa kanilang upuan.

3. **The war between Iran and Iraq.**
   _______ Ang digmaan sa pagitan ng Iran at Iraq.
   _______ Ang digmaan ng Iran at Iraq.

4. **The guest arrived when the program was already over.**
   _______ Ang panauhin ay dumating kung kailan tapos na ang programa.
   _______ Tapos na ang programa nang dumating ang panauhin.

5. **<u>I went to the Auditorium where the contest will be held.</u>**
_______ Ako ay nagpunta sa Awditoryum na kung saan idaraos ang paligsahan.
_______ Nagpunta ako sa Awditoryum na pagdarausan ng paligsahan.

Iwasto ang iyong sagot gamit ang susi sa pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.

D. Panahon ng Awtor laban sa Panahon ng Tagapagsalin

Nagkakaroon lamang ng problema sa panahon kapag mga akdang klasiko na ang isinasalin. Ito ay kung nahihirapan ang isang tagapagsalin na pilitin ang sariling mapaloob sa katauhan ng kanyang awtor, isa ring napakahirap na gawain ang bagtasin ang panahong namamagitan sa panahon ng awtor at sa panahon ng tagapagsalin. Isang magandang halimbawa nito ay ang pagsasalin ng Bibliya na mahuhusay kundi man pinakamahusay na mga tagapagsalin ang nagsisipagsalin.

E. "Maaaring Baguhin" laban sa "Hindi Maaaring Baguhin":

Ayon sa isang kilalang manunulat, di dapat bawasan, dagdagan o palitan ng tagapagsalin ang anumang ideya sa kanyang isinasalin sapagkat ang gayon ay hindi magiging makatarungan sa awtor.

Ang tungkulin ng isang tagapagsalin ay isalin o ilipat lamang sa ibang wika ang likhang-isip ng iba kaya't nararapat lamang na paka-ingatan niyang hindi mapasukan ng anumang pagbabago ang akda.

F. “Tula-sa-Tula” laban sa “Tula-sa-Prosa”:

Isang manunulat ang nagsabi na ang isang prosa o tuluyan ay dapat na maisalin sa paraang tuluyan din, at ang tula ay kailangang sa paraang patula rin. Si Matthew Arnold man diumano ay naniniwala na kung isasalin sa paraang tuluyan ang isang tula, ang salin ay kailangang magtaglay pa rin ng mga katangian ng isang tula.

Anupa’t waring nagkakaiba sa paniniwala ang karamihan ng mga tagapagsaling-wika. May mga nagsasabi na ang pagsasalin ng isang tulang may sukat ay napakahina kung mawawala ang sukat; na ang tuluyang salin ng isang tula ay pinakamahina sa lahat ng paraan. Sila’y naniniwala na upang maging makatarungan sa makatang awtor, ang kanyang tula ay kailangang isalin ng isang makata rin, at sa paraang patula rin.


Magsimula ka na!

A. Panuto: Ang mga sumusunod ay ilang idyoma sa Ingles. Kung sa palagay mo ay tama ang ibinigay na kahulugan sa Filipino, isulat ang salitang **Tama** sa katapat na blangkong linya. Kung sa palagay mo naman ay mali, isulat ang salitang **Mali**.

| Idyomang Ingles | Kahulugan |
|---|---|
| ______ 1. Bread and butter | - Kabuhayan |
| ______ 2. A snake in the grass | - Lihim na kaaway; traydor |
| ______ 3. Move heaven and earth | - Gawain ang lahat ng paraan |
| ______ 4. Man in the street | - Karaniwang tao |
| ______ 5. Man of letters | - Taong nag-aaral; dalubhasa sa panitikan |
| ______ 6. Hold one’s tongue | - Manatiling tahimik; huwag magsalita ng anuman |
| ______ 7. Make faces | - Bumusangot |
| ______ 8. Birds of a feather | - Mga taong magkakaugali |
| ______ 9. Make a mountain out of a molehill | - Palakihin ang isang maliit na problema |

____ 10. Bury the hatchet - Makipagkasundo sa kaaway

B. Panuto: Lagyan ng tsek (√ ) kung ang salin ay angkop at ekis (x ) naman kung hindi.




Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**Gawain 3: Ilang Simulain sa Pagsasalin sa Filipino mula sa Ingles**

Alam mo ba ang ilang simulain sa pagsasalin sa Filipino mula sa Ingles?

Basahin mo ang mga paliwanang sa ibaba upang higit na maragdagan ang iyong kaalaman sa paksang ito.

Ilang Simulain sa Pagsasalin sa Filipino Mula sa Ingles

A. Bawat wika ay nakaugat sa kultura ng mga taong likas na gumagamit nito.

Batid ng lahat na ang Pilipinas at Amerika ay dalawang bansang lubhang may malaking pagkakaiba sa kultura. Ang wikang Ingles ay kasangkapan ng mga Amerikano sa pagpapahayag at ang Filipino naman ay sa Pilipinas.

Napakahalagang maunawaan ng isang tagapagsalin na hindi siya dapat maging literal sa pagsasalin; na hindi dapat maging salita-sa-salita ang pagsasalin, lalo na kung kargado ng kultura ang kanyang isinasalin. Sa halip, ang dapat niyang pilitin ay maisalin ang intensyon o ang ibig ipahatid na mensahe ng awtor.

B. Bawat wika ay may kanya-kanyang natatanging kakanyahan

Malaki ang pagkakaiba sa kakanyahan ng mga wikang hindi magkakaangkan at malaki naman ang pagkakatulad sa kakanyahan ng mga wikang magkakaangkan. At dahil hindi magkaangkan ang Filipino at Ingles, natural lamang na maging malaki ang pagkakaiba sa kakanyahan ng dalawang wikang ito.

Bawat wika ay may sariling paraan ng pagbubuo ng mga salita; pagsusunud-sunod ng mga salita upang mabuo ang parirala o kaya'y pangungusap.

Anupa't sa pagsasaling-wika, dapat malaman ng tagapagsalin ang mga kakanyahan, ang kalakasan at kahinaan ng mga wikang kasangkot sa kanyang isasagawang pagsasalin. Ang isang katangiang nasa isang wika ay hindi dapat ilipat sa pinagsalinang wika.

C. Ang isang salin, upang maituring na mabuting salin, ay kailangang tanggapin ng pinag-uukulang pangkat na gagamit nito.

D. Bigyan ng pagpapahalaga ang uri ng Filipino na kasalukuyang sinasalita ng bayan

E. Ang mga daglat at akronim, gayundin ang mga pormula, na masasabing establisado o unibersal na ang gamit ay hindi na kailangang baguhin pa upang umayon sa baybay ng katumbas sa Filipino.

F. Kung may pagkakataon na higit sa isa ang matatanggap na panumbas sa isang salita ng isinasaling teksto, gamitin ang alinman sa mga ito at pagkatapos ay ilagay sa talababa ( footnotes ) ang iba bilang mga kahulugan.

G. Sa pagsasalin ay laging isaisip ang pagtitipid sa mga salita.

H. Nagkakaroon lamang ng tiyak na kahulugan ang isang salita kapag ito'y naging bahagi ng pangungusap. Ang normal na balangkas ng pangungusap sa Ingles ay simuno + panaguri, samantalang sa Filipino, ang itinuturing na karaniwang ayos ng pangungusap sa Filipino ay panaguri + simuno.

I. May mga pagkakataon na ang mga tahasang pahayag sa Ingles ay kailangang gamitan ng eupemismo sa Filipino upang hindi maging pangit sa pandinig.

J. Mahalaga ang diksyunaryo sa pagsasaling-wika ngunit huwag kang paaalipin dito.

➢ Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Mayroon ka bang hindi naunawaan? Basahin mo lamang mabuti at unawain upang maging malinaw sa iyo ang lahat.

Subukin mo ang iyong pag-unawa sa pamamagitan ng pagsagot sa gawaing inihanda ko para sa iyo.

Handa ka na ba?

Panuto: Isulat ang **S** kung ikaw ay sang-ayon sa ipinahihiwatig ng bawat pahayag at **DS** naman kung hindi. Isulat ang iyong sagot sa ikaapat na bahagi ng papel.

_______ 1. Ang Pilipinas at Amerika ay dalawang bansang magkatulad ang kultura kaya't madali lamang ang pagsasaling-wika.
_______ 2. Bawat wika ay nakaugat sa kultura ng mga taong likas na gumagamit nito.
_______ 3. Sa pagsasalin ay hindi kailangang magtipid sa mga salita ang tagapag-salin.
_______ 4. Ang mga daglat at akronim, gayundin ang mga pormula ay kailangang baguhin pa upang umayon sa baybay ng katumbas sa Filipino.

_______ 5. Bigyang pagpapahalaga ang uri ng Filipino na kasalukuyang sinasalita ng bayan.

_______ 6. Ang Filipino at Ingles ay dalawang wikang magkaangkan.
_______ 7. Ang isang katangiang nasa isang wika ay hindi dapat ilipat sa pinagsa-linang-wika.
_______ 8. Mahalaga ang diskyunaryo sa pagsasaling-wika ngunit huwag paaalipin dito.
_______ 9. Nagkakaroon lamang ng tiyak na kahulugan ang salita kapag ito'y naging bahagi ng pangungusap.
______ 10. Ang isang tagapagsalin ay hindi dapat maging literal sa pagsasalin.

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

**2. Lagumin Mo…**

Subukin mo kung gaano ang iyong natutunan sa mga gawaing isinagawa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na pagsasanay.

Panuto: Punan ng angkop na letra ang bawat kahon upang mabuo ang katumbas ng salita sa bawat bilang.

1. gusali -

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **b** | **u** | | **l** | **d** | | | **g** |

2. himala -

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **m** | | **r** | | **c** | **l** | **e** |

3. huwad -

| | | | |
|---|---|---|---|
| **f** | | **k** | |

4. iyak -

| | | |
|---|---|---|
| **c** | | **y** |

5.opisina -

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **o** | | **f** | | **c** | **e** |

6. paligsahan -

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **c** | | **n** | | | **s** | **t** |

7. yaman -

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **w** | | **a** | **l** | | **h** |

8. ingay -

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **n** | **o** | | **s** | |

9. dasal -

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **p** | **r** | | **y** | | **r** |

10.bahaghari-

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| **r** | | **i** | | **b** | | **w** |

Naging madali ba para sa iyo ang gawain? Tingnan mo kung tama ang iyong mga sagot. Hingin mo ang Susi sa Pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong gawain.

**3. Subukin Mo …**

Punan ng angkop na salitang makikita sa loob ng kahon sa ibaba ang bawat patlang upang mabuo ang diwang ipinahahayag nito.

Ang tagapagsalin ay kailangang may sapat na kaalaman sa mga ______1______ ng Ingles at Filipino, gayundin sa _______2_______ ng tekstong isasalin at sa _____3______ ng mga bansang Amerika at Pilipinas.

Maraming nagsasalungatang paraan o simulain sa pagsasaling-wika, tulad ng salita laban sa ____4_____, himig-orihinal laban sa ______5_________, estilo ng awtor laban sa ________6________, panahon ng awtor laban sa ____7_______, maaaring baguhin laban sa _______8__________, at tula-sa-tula laban sa _____9_________.

Malaki ang pagkakaiba sa kakanyahan ng mga wikang hindi _______10____ at malaki naman ang pagkakatulad sa ______11_____ ng mga wikang magkakaangkan.

Sa pagsasaling-wika, dapat malaman ng tagapagsalin ang mga kakanyahan o ang mga _______12_______ at _______13_______ ng dalawang wikang kasangkot sa kanyang pagsasalin.

Sa Ingles, ang normal na balangkas ng pangungusap ay ____14___ + __________, samantalang sa Filipino, ang itinuturing namang karaniwang ayos ay ______________ + _______15_______.

| | | |
|---|---|---|
| Wika | panahon ng tagapagsalin | diwa |
| Kakanyahan | kahinaan | hindi maaaring baguhin |
| Paksa | estilo ng tagapagsalin | himig-salin |
| Kultura | simuno + panaguri | panaguri + simuno |
| Magkaangkan | tula-sa-prosa | kalakasan |

➢ Naging madali ba para sa iyo ang pagsusulit? Hingin mo sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto upang malaman kung ilan ang nakuha mong iskor.

4. **Paunlarin Mo …**

Kung ang iskor na iyong nakuha sa pagsubok ay higit sa sampu (10), maaari ka nang magsimula sa susunod na aralin, subalit kung mababa rito ang iyong iskor, kailangan mo munang sagutin ang gawaing inihanda ko bago mo pag-aralan ang susunod na aralin.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Isulat kung ano ang tinutukoy ng mga sumusunod na pahayag.

1. Ang paglilipat ng pinakamalapit na katumbas ng diwa o mensaheng isinasaad ng tekstong isinasalin.
2. Bihasa sa larangan ng pagsasaling-wika.
3. Ang normal na balangkas ng pangungusap sa Ingles.
4. Dalawang wikang kasangkot sa pagsasalin.
5. Ang itinuturing na karaniwang ayos ng pangungusap sa Filipino.

# *Aralin 2: Mga Hakbang sa Pagsasaling-wika*

## A. Anu-ano ang mga Tiyak na Matututunan Mo?

Matapos mapag-aralan ang araling ito, inaasahang matatamo ang mga sumusunod na kasanayan.

1. Nasusunod nang wasto ang mga hakbang at paraan sa pagsasalin
2. Nabibigyang-pansin ang kawastuhang gramatikal sa pagsasalin
3. Nakapagsasalin ng isang tiyak na teksto

## B. Anu-ano na ang Tiyak na Alam Mo?

Matapos mong mabatid sa Aralin 1 ang mga pangunahing batayang simulain sa pagsasalin at ang mga katangiang dapat taglayin ng isang tagapagsaling-wika. Nararapat lamang na mabatid mo ang mga hakbang at paraan upang makabuo ng isang mahusay at maayos na pagsasalin.

Alam mo ba ang mga ito?

Sagutin mo ang pagsubok na inihanda ko upang malaman kung gaano na kalawak ang iyong kaalaman sa paksang ito.

Panuto: Pagtapat-tapatin ang salitang Ingles sa angkop na salin nito sa Filipino.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Paalam, Mahal ko | a. Hello |
| 2. Swertihin ka sana! | b. Goodbye my love |
| 3. Kumusta | c. I love you |
| 4. Minamahal Kita | d. Forgive me |
| 5. Patawarin mo ako | e. Fight! |
| 6. Makibaka! | f. Good luck! |

## C. Mga Gawain Sa Pagkatuto

### 1. Alamin Mo…

Bilang tagapagsalin, mahalagang malaman at matutunan mo ang mga tiyak na hakbang na maaari mong maging gabay sa pagsasalin .

Alam mo ba kung anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagsasaling-wika? Anu-ano ang mga hakbang na dapat isaalang-alang upang makabuo ng isang mabisang salin?

Subukin mong sagutin ang inihanda kong pagsubok upang malaman kung gaano ka kagaling sa paksang ito.

Handa ka na ba?

Simulan mo na?

Panuto: Isulat ang **S** kung sang-ayon ka sa ipinahahayag ng pangungusap at **DS** naman kung di ka sang-ayon.

______1. Basahin mo muna ang akdang isasalin upang makuha mo ang kabuuang diwa nito.
______2. Isalin mo ang bawat salita upang maging madali ang pagsasalin.
______3. Isagawa mo ang unang pagsasalin. Dapat mong isipin na ang isasalin ay diwa at hindi salita.
______4. Muli mong basahin ang salin at alamin kung may salita kang dapat palitan.
______5. Rebisahin ang salin hanggang sa maging maayos nang lahat ang dapat ayusin.

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

Alam kong handang-handa ka na ngayon sa mga gawaing inihanda ko.

**Gawain 1: Ilang tiyak na hakbang sa pagsasalin**

Upang makabuo tayo ng isang mabisang salin, nararapat lamang na alamin natin ang ilang tiyak na hakbang na maaari mong maging gabay sa pagsasaling-wika.

Basahin mo muna ang mga inilahad kong paliwanag upang lalong maging malinaw ito sa iyo.

Naririto ang ilang tiyak na hakbang na maaari mong maging gabay sa pagsasaling-wika:

- Basahin muna ang buong akdang isasalin upang makuha mo at maunawaan ang kabuuang diwa nito.
- Isagawa na ang unang pagsasalin. Dapat mong isipin na ang isasalin ay diwa at hindi ang mga salita.
- Pagkatapos mong maisalin ang akda, itabi mo muna ang orihinal. Basahin mo ang salin.
- Muli mong basahin ang salin at alamin kung may salita kang dapat palitan, pariralang dapat na alisin o idagdag upang mabuo ang hinihinging diwa o kaya naman ay mga pangungusap na dapat baguhin ang balangkas upang maging malinaw ang kahulugan nito.
- Ipabasa mo nang malakas sa iba ang salin at obserbahan ang mga bahagi ng salin na hindi mabasa nang maayos.
- Rebisahin ang salin at saka muling ipabasa nang malakas sa iba ( hindi ang unang bumasa ) hanggang sa maging maayos nang lahat ang dapat ayusin.

- Matapos mong basahin ang paliwanag ay tiyak kong masasagot mo na ang inihanda kong gawain para sa iyo.

Handa ka na ba?

Panuto: Isaayos ang mga hakbang sa pagsasalin ayon sa wastong pagkakasunud-sunod. Titik lamang ang isulat. Mula A hanggang F.

___1. Rebisahin ang salin at saka muling ipabasa sa iba hanggang sa maging maayos nang lahat ang dapat ayusin.

___2. Isagawa na ang unang salin. Dapat mong isipin na ang isasalin ay diwa at hindi ang mga salita.

___3. Muli mong basahin ang salin at alamin kung may salita kang dapat palitan, pariralang dapat na alisin o idagdag upang mabuo ang hinihinging diwa o kaya naman ay mga pangungusap na dapat baguhin ang balangkas upang maging malinaw ang kahulugan nito.

___4. Basahin mo muna ang buong akdang isasalin upang makuha mo at maunawaan ang kabuuang diwa nito.

___5. Pagkatapos mong maisalin ang akda, itabi mo muna ang orihinal. Basahin mo ang salin.

___6. Ipabasa mo nang malakas sa iba ang salin at obserbahan ang mga bahagi ng salin na hindi mabasa nang maayos.

Iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng Susi sa Pagwawasto. Hingin mo ito sa iyong guro.

**Gawain 2: Pagsasalin ng mga salita at parirala**

Sa larangan ng pagsasalin, kailangang maging malawak muna ang ating kaalaman sa pagsasalin ng mga salita o parirala bago makapagsalin ng akda.

A. Panuto: Piliin sa loob ng ulap ang salitang angkop na salin ng mga salita sa bawat bilang.

| | | |
|---|---|---|
| beauty | orphan | university |
| heroism | bureau | courtesy |
| river | purpose | department |
| bible | treasurer | courtship |

| | | |
|---|---|---|
| 1. Banal na kasulatan | 5. ulila | 9. ilog |
| 2. pamantasan | 6. paggalang | 10. kagawaran |
| 3. kabayanihan | 7. kawanihan | 11. ingat-yaman |
| 4. pagliligawan | 8. kagandahan | 12. layunin |

B. Panuto: Punan ng angkop na titik ang bawat hanay upang mabuo ang wastong salin ng mga parirala sa bawat bilang.

| | | |
|---|---|---|
| 1. lahing kayumanggi | - | b r o _ n r _ c _ |
| 2. malinaw na pananalita | - | c l e _ r s _ e e _ h |
| 3. taunang ulat | - | a _ n _ u _ l r _ p o _ t |
| 4. lubos na kaalaman | - | c _ m p _ t e k n _ w l _ d _ e |
| 5. bansang malakas | - | p o _ e r f _ l n _ t _ o n |

Iwasto mo ang iyong sagot. Gamitin mo ang susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**Gawain 3: Pagsasalin ng mga sawikain at mga pahayag na patambis**

Sa pagsasaling-wika lalo na ng mga tula at akdang pampanitikan ay madalas tayong makatagpo ng mga matatalinghangang pahayag o idyoma. Bilang tagapagsalin, kinakailangang malawak ang kaalaman natin sa pagpapakahulugan sa mga ito.

Alam mo ba ang kahulugan ng ilan sa mga pahayag na patambis o idyoma? Sagutin mo ang pagsubok na inihanda ko upang malaman kung gaano na kalawak ang iyong kaalaman sa paksang ito.

Handa ka na ba?

Panuto: Isulat ang **<u>AS</u>** kung ito ay angkop na salin at **<u>LS</u>** naman kung ito ay literal na salin.

__1. to remember ← Itaga sa bato → ____2. to cut on stone

__3. to list on the water ← Ilista sa tubig → ____4. a debt that will not be paid anymore

__5. to become angry ← Magdilim ang paningin → ___6. darken the eyesight

___7. to kill ← umutang ng buhay → ___8. to borrow a life

___9. to make the head round ← bilugin ang ulo → ___10. to fool

Iwasto mo ang iyong sagot. Hingin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro.

**Gawain 4: Pagsasalin ng mga pangungusap at akda**

Mahalagang maging maingat sa pagsasalin ng mga pangungusap at mga akda. Basahin muna nang ilang ulit bago simulan ang pagsasalin upang maunawaan ang kabuuang diwa nito.

Sagutin mo ang gawaing inihanda ko upang malaman kung gaano ka kagaling sa paksang ito.

Handa ka na ba?

Magsimula ka na!

Panuto: Isaayos ang mga salita upang mabuo ang ang angkop na salin ng mga pangungusap sa bawat bilang.

1. Alam ko ang ginawa mo kagabi. — I , did, know, what, you, last night.

2. Ang panauhin ay galing sa lalawigan. — The, province, from, came, visitor, the

3. Ang malaking pinto ay binuksan ko. — I, the, opened, door, big.

Alejandro, an, wrote, interesting story

4. Si Alejandro ay sumulat ng isang kawili-wiling kuwento.

There, a, is, girl, beautiful, the, in, room

5. May magandang bata sa kuwarto.

Iwasto mo ang iyong sagot sa tulong ng susi sa pagwawasto na nasa iyong guro.

**2. Lagumin Mo…**

Subukin mo kung gaano ang iyong natutunan sa mga gawaing isinagawa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga sumusunod na pagsasanay.

Panuto: Piliin sa ibaba ang angkop na salin ng mga salita sa bawat bilang.

1. balarila
2. pandiwa
3. pangngalan
4. katinig
5. panaguri
6. pangatnig
7. patinig
8. pang-uri
9. pang-abay
10. pang-ukol

grammar    adverb    predicate    conjunction


verb    noun    vowel

proposition    consonant    adjective

Naging madali ba para sa iyo ang gawain? Tingnan mo kung tama ang iyong mga sagot. Hingin mo ang susi sa pagwawasto sa iyong guro at iwasto mo ang iyong gawain.

**3. Subukin Mo …**

Panuto: Lagyan ng tsek ( ✔ ) kung ang salitang nasa bilog ay salin ng salitang nasa gitnang bilog at ekis ( ✕ ) naman kung kasalungat na salin.




Naging madali ba para sa iyo ang pagsusulit? Hingin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto upang malaman kung ilan ang nakuha mong iskor.

**4. Paunlarin Mo …**

Tama ba lahat ang iyong kasagutan? Nangangahulugan lamang niyan na bihasa ka na sa pagsasaling-wika. Magiging madali na sa iyo ang pagsasagawa ng pagsasalin. Kung nagkaroon ka man ng kamalian, sagutin mo muna ang gawaing inihanda ko bago mo pag-aralan ang susunod na liksyon.

Panuto: Subukin mong isalin sa Ingles ang liham sa ibaba.

Dr. Alfredo Reyes
Tagatala
Unibersidad ng Santo Tomas
Espanya, Maynila

Mahal na Ginoo:

Binabalak ko pong mag-aral sa Santo Tomas sa darating na pasukan kaya nais kong malaman ang katugunan sa sumusunod na mga tanong: Ako po ang "Salutatorian" sa mga nagtapos sa haiskul, gaano po ba ang kailangan kong ibayad na matrikula sa Kolehiyo ng Edukasyon? May iksamen pa po ba akong kailangang kunin? Kung mayroon, kailan at saan? Anu-ano po bang mga katibayan ang kailangan ko?

Tatanawin ko pong utang na loob ang inyong maibibigay na kasagutan sa aking mga tanong.

Buong galang na sumasainyo,
Bb. Ana Marie Lopez

Iwasto mo ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.

## *Gaano ka na kahusay?*

A. Panuto: Isalin ang mga sumusunod na salawikain sa Ingles.

1. Ang taong nagagalit, walang kilalang matwid.

2. Kapag walang pakikibaka ay walang tagumpay

3. Kapag tahimik ang batisan, malalim itong tunay.

4. Magsisi ka man at huli, wala nang mangyayari

5. Sa taong may hiya, ang pangako'y panunumpa.

An angry man knows no reason

To a person with shame, a promise is a vow

Follow my advises, but not what I do

Nothing will happen if you will repent

Silent water runs deep

If there's no fight, there's no victory

Iwasto ang iyong sagot gamit ang Susi sa Pagwawasto na nasa iyong guro.